



Republic of the Philippines
Department of Education
Region IV (A) – CALABARZON
City Schools Division Office of Antipolo
District I – A



ANTIPOLO CITY SENIOR HIGH SCHOOL
(#342175 - SHS within Sta. Cruz Elementary School)
Brgy. Sta. Cruz, Antipolo City
Email add: 342175@deped.gov.ph

STUDENT'S ACTIVITY SHEET sa FILIPINO SA PILING LARANG (TEKBOK)

STUDENT'S ACTIVITY SHEET FOR MELC 1(MODULAR MODALITY)

PAMAGAT/ARALIN: KAHULUGAN NG TEKNIKAL BOKASYONAL NA SULATIN

I. LAYUNIN: Sa araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

- nabibigyang-kahulugan ng teknikal-bokasyonal na sulatin;
- naisabubuhay ang kahalagahan sa paggamit ng mga kahulugan ang teknikalbokasyonal na sulatin.

A. Pamantayang Pangnilalaman:

Nauunawaan ang kalikasan, layunin at paraan ng pagsulat ng iba't ibang anyo ng sulating ginagamit sa pag-aaral sa iba't ibang larangan (Tech-Voc)

B. Pamantayang Pagganap:

Nakabubuo ng manwal ng isang piniling sulating teknikal bokasyunal

C. Pinakamahalagang Kasanayan:

Nabibigyang-kahulugan ang teknikal at bokasyunal na sulatin CS_FTV11/12PB-0a-c-105

II: KAGAMITANG PANTURO

- Kagamitan
- Sanggunian: Jocson, S., Perez, A., at Santos, S. (2016). Filipino sa Piling Larang Tech-Voc Patnubay ng Guro.Pasig City:DepEd-BLR.
- Karagdagang Kagamitan mula sa Portal ng Learning Resource

III: BILANG NG ORAS : 200 min o 4 na araw (30 min. para sa pagtalakay)

IV: PANIMULA

Ang modyul na ito ay ginawa at isinulat para sa iyo bilang isang mag-aaral. Ito ay makatutulong upang matutuhan ang tungkol sa pagbibigay ng kahulugan sa teknikal at bokasyonal na sulatin. Ang sakop ng modyul ay magamit sa anumang kalagayan ng mag -aaral. Ang mga salitang ginamit dito ay angkop sa lebel ng pang-unawa mo bilang mag-aaral na naayon sa pamantayan nito.

Alamin

- Mga Paalala at Panuntunan ng guro:
 - ✓ Maging tapat sa pagsagot

- ✓ Isulat sa kuwaderno/notebook ang inyong kasagutan.

Format:

- May kulay at plastic cover ang balot ng notebook ayon sa mapagkasunduan ng seksyon at upang magsilbing proteksyon din nito.
- Ang pabalat o cover ay ganito ang nakasulat:
Pangalan ng Paaralan
Asignatura
Pangalan ng Mag-aaral
Seksyon
Pangalan ng Guro

Suriin

Gawain 1.1

Panuto: Basahin mo ang tekstong “Ang Unang Job Interview ni Juan” at sagutin ang mga katanungan sa ibaba. (10 minuto)

Ang Unang Job Interview ni Juan

Pagkatapos makuha ni Juan ang kanyang diploma ay naisipan na niyang mag -aplay ng trabaho sa isang printing shop na malapit sa kanyang tinitirhan. Agad niyang inihanda ang kanyang resume at ipinasa ito sa may-ari ng printing shop. Hindi niya akalain na agad siyang mapapasabak sa isang interview dahil ang balak lamang niya ay magpasa ng resume. Madali niyang nasagot ang mga unang tanong na may kalamayan lamang sa kanyang personal nabuhay. Ang hindi niya inaasahan ay tatanungin siya ng mga tanong na susubok sa kaniyang kaalaman tungkol sa kanyang kursong tinapos. Tinanong siya kung marunong siyang mag-lay-out at sumagot naman siya ng oo. Sa kanyang pagsagot ng oo, agad siyang tinanong ng mga teknikal na tanong gaya ng anong mga teknikal-bokasyonal na sulatin ang kaya niyang i-layout. Dahil sa hindi siya masyadong nakikinig noong nag-aaral pa siya ay hindi niya alam kung ano ang isasagot. Buti na lamang at mabait ang may-ari ng printing shop at sinabihan siyang sa kanyang pagbabalik ay kailangang alam na niya ang iba't ibang teknikal at bokasyonal na sulatin. Sa pag-uwi ni Juan ay agad niyang sinaliksik kung ano ang mga ito at ang kahulugan nito. Handa na siyang sagutin kung ano ang iba't ibang teknikal at bokasyonal na sulatin.

Gabay na Tanong:

1. Tungkol saan ang teksto?
2. Mahalaga ba na may kaalaman sa teknikal at bokasyonal na sulatin?

Subukin

Gawain 1.2

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ito sa iyong sagutang papel. (20 minuto)

1. Naglalaman ng iba't ibang impormasyon hinggil sa isang produkto, kalakaran sa isang organisasyon o samahan o kaya'y mga detalyeng naglilinaw sa proseso, estruktura, at iba pang mga detalyeng nagsisilbing gabay sa mga magbabasa nito.

- | | |
|--|----------------------|
| A. Deskripsyon ng produkto | C. Liham-pangnegosyo |
| B. Flyer/leaflet at promotional material | D. Manwal |

2. Nakatuon ito sa mga transaksyon sa pangangalakal katulad ng pagkambas ng halaga ng mga produkto o kaya'y liham ng kahilingan at liham-pag-uulat.

- A. Deskripsyon ng produkto
B. Flyer/leaflet at promotional material
3. Gabay ito ng mamimili dahil naglalahad ito nang higit na detalyadong paglalarawan sa isang produkto.
A. Brochure
B. Deskripsyon ng produkto
4. Inililimbag sa isang pahina lamang na ipinamimigay upang makilala ang isang produkto o taong ikinakampanya.
A. Deskripsyon ng produkto
B. Flyer/leaflet
5. Nakalagay rito ang espesipikong gamit na kinakailangan upang mabuo at magawa ang isang bagay bago ang mga hakbang sa paggawa.
A. Deskripsyon ng produkto
B. Dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto
6. Pagpapakilala at pagbibigay-katangian sa isang produkto o serbisyo.
A. Deskripsyon ng produkto
B. Flyer/leaflet at promotional material
7. Isinasagawa muna ito bago tuluyang lumikha ng isang negosyo.
A. Dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto
B. Feasibility study
8. Mensahe na nagsasaad ng mahalagang impormasyon at mistula din itong magsasabi kung kung ano ang maaari at hindi maaaring gawin.
A. Anunsiyo
B. Babala
9. Mula ito sa iba't ibang ahensiya o kompanya na nagbubuo ng mga salaysay hinggil sa isang gawain o kaya'y mahalagang pangyayari sa isang organisasyon o institusyon.
A. Dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto
B. Feasibility study
10. Nakatutulong ito upang maiwasan ang mga sakuna, aksidente at iba pang hindi kanais-nais na pangyayari para sa isang indibiduwal.
A. Dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto
B. Feasibility study
11. Nagsasaad ng maaaring maging panganib sa buhay, estado, o nararanasan ng tao.
A. Anunsiyo
B. Babala
12. Nagbabahagi ng mahahalagang impormasyon na makapagbibigay ng sapat na kaalaman sa sinumang tao.
A. Anunsiyo
B. Babala
13. Nakaayos ito batay sa uri, kung ito ba ay pampagana, sabaw, kanin, panghimagas, ulam na gawa sa karne, isda o gulay, o kung ito'y mga inumin.
A. Deskripsyon ng produkto
B. Feasibility study
14. Nakalahad dito ang paraan kung paano niluluto ang iba't ibang pagkain.
a. Deskripsyon ng produkto
B. Feasibility study
15. Pagsulat ng iba't ibang anyo ng sulating liliinang sa mga kakayahang magpahayag tungo sa mabisa, mapanuri, at masinop na pagsusulat sa piling larangan.
A. Akademikong sulatin
- C. Liham-pangnegosyo
D. Manwal
- C. Liham-pangnegosyo
D. manwal
- C. Liham-pangnegosyo
D. Manwal
- C. Liham-pangnegosyo
D. Manwal
- C. Naratibong ulat
D. Paunawa/babala/anunsiyo
- C. Naratibong ulat
D. Paunawa
- C. Naratibong ulat
D. Paunawa/babala/anunsiyo
- C. Naratibong ulat
D. Paunawa/babala/anunsiyo
- C. Manwal
D. Paunawa
- C. Manwal
D. Paunawa
- C. Manwal
D. Menu ng pagkain
- C. Menu ng pagkain
D. Resipi
- C. Malikhaing sulatin

Tuklasin

Ang teknikal-bokasyonal na sulatin ay sulating lilinang sa mga kakayahang magpahayag tungo sa mabisa, mapanuri, at masinop na pagsusulat sa piling larangan.

Sa binuong aklat nina Jocson, Perez at Santos na Filipino sa Piling Larang Tech-Voc, inilihad nila ang iba't ibang teknikal at bokasyonal na sulatin at ang mga kahulugan nito.

Ilan sa mga teknikal bokasyonal na sulating ito ay ang pagsulat ng manwal, deskripsyon ng produkto, flyer, leaflet, promotional material, liham-pangnegosyo, dokumentasyon sa paaggawa ng produkto, feasibility study, naratibong ulat, paunawa, babala, anunsiyo, at menu ng pagkain. Narito sa ibaba ang kahulugan ng teknikal at bokasyonal na sulatin na inilhad sa kanilang aklat.

1. **Manwal** - Ito ay naglalaman ng iba't ibang impormasyon hinggil sa isang produkto, kalakaran sa isang organisasyon o samahan o kaya'y mga detalyeng naglilinaw sa proseso, estruktura, at iba pang mga detalyeng nagsisilbing gaba ysa mga mambabasa nito.

2. **Liham-pangnegosyo** - Nakatuon ito sa mga transaksyon sa pangangalakal katulad ng pagkambas ng halaga ng mga produkto o kaya'y liham ng kahilingan at liham-pag-uulat.

3. **Flyer/leaflet at promotional material** - Ipunamumudmod ito upang makahikayat sa mga tagatangkilik ng isang produkto o serbisyo.

4. **Deskripsyon ng produkto** - Pagpapakilala at pagbibigay-katangian sa isang produkto o serbisyo

5. **Feasibility study** - Isinasagawa muna ito bago tuluyang lumikha ng isang Negosyo

6. **Naratibong ulat** - Mula ito sa iba't ibang ahensiya o kompanya na nagbubuo ng mga salaysay hinggil sa isang gawain o kaya'y mahalagang pangyayari sa isang organisasyon o institusyon.

7. **Paunawa/babala o anunsiyo** - Nakatutulong ito upang maiwasan ang mga sakuna, aksidente at iba pang hindi kanais-nais na pangyayari para sa isang indibidwal.

8. **Dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto** – Nakalagay rito ang mga espesipikong gamit na kinakailangan upang mabuo at magawa ang isang bagay bago ang mga hakbang sa paggawa.

9. **Menu ng pagkain** - Nakaayos ito batay sa uri, kung ito ba ay pampagana, sabaw, kanin, panghimagas, ulam na gawa sa karne, isda o gulay, o kung ito'y mga inumin.

Pagyamanin

Gawain 1.3

Panuto: Isulat kung TAMA o MALI ang mga pangungusap sa ibaba. (20 minuto)

- _____ 1. Nagsasaad ng panuntunan, kalakaran, at proseso ang isang manwal.
- _____ 2. Hindi maaaring maglagay ng kalakip kung susulat ng liham.
- _____ 3. Maligoy ang pagkakasulat ng flyers, leaflets, at promotional materials.
- _____ 4. Inilalagay sa deskripsiyon ng produkto ang detalyadong paglalarawan dito.
- _____ 5. Mahalaga ang kronolohiya ng mga hakbang na nakasaad sa dokumentasyon sa pagawa ng isang bagay o produkto.
- _____ 6. Hindi na nilalakipan ng apendise ang feasibility study.
- _____ 7. Makatutulong ang naratibong ulat bilang sanggunian para sa mga gawain at tunguhin ng institusyon sa hinaharap.
- _____ 8. Hindi na kailangan pang gamitan ng mga larawan ang babala.
- _____ 9. Hindi na kailangan ang paglalarawan sa mga pagkain at inuming nasa menu.
- _____ 10. Maaaring magtaglay ng mga ilustrasyon ang isang manwal.
- _____ 11. .Iisa lamang ang pormat na ginagamit sa pagsulat ng liham.
- _____ 12. Isa sa mga pangunahing layunin ng pagsulat ng flyer ay ang makahikayat ng mamimili.
- _____ 13. Sa pagsulat ng deskripsiyon ng produkto, gumagamit ng pangangatwiran ang manunulat.

- _____ 14. Sa pagbuo ng dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto, isinasaad ang mga kinakailangan sa proseso ng paggawa ng produkto.
- _____ 15. Sa feasibility study, matatagpuan ang mga salitang teknikal may kinalaman sa proyekto o pangunahing paksa ng ginagawan ng pag-aaral.

Gabay na Tanong:


1. Sa mga bilang na may tamang sagot, bakit ninyo nasabi na ang mga pangungusap ay tama, gayundin sa mga bilang na may maling sagot. Pangatwiranan.

Isagawa

Gawain 1.4

Panuto:

Panuto: Gamit ang Venn Diagram, isulat ang pagkakaiba at pagkakatulad ng flyer, leaflets at promotional materials. (20 minuto)



Gabay na Tanong:

1. Ano-ano ang nakitang pagkakaiba at pagkakatulad ng tatlong sulatin? Bakit mo ito nasabi?

Pamatayan	Napakahusay 5	Katamtamang Husay 3	Nangangailangan ng Pagsasanay 1
Nilalaman	Angkop ang nakalahad na kahulugan	Hindi lahat ay angkop ang kahulugan	Hindi angkop ang nakalahad na kahulugan
Wastong gamit ng wika at gramatika	Mahusay at wasto ang pagkakagamit ng wika at gramatika	Nagamit ang wika ngunit may ilang pagkakamali sa gramatika	Hindi naging maayos ang pagkakagamit ng wika at gramatika.
Wastong gamit ng wika at gramatika	Mahusay at wasto ang pagkakagamit ng wika at gramatika	Nagamit ang wikangunit may ilang pagkakamali sa gramatika	Hindi naging maayos ang pagkakagamit ng wika at gramatika.

Linangin

Gawain 1.5

Panuto: Sumulat ng isang maikling tula tungkol sa kahalagahan ng teknikal-bokasyonal sa buhay bilang isang senior high school. (30 minuto)

Rubrik:

- Binubuo ng tatlong sagnong mula sa unang tatlong

letra ng iyong pangalan	10
• May kaugnayan sa paksa	10
• May tugma	5
Kabuoan	25

Karagdagang Gawain

Gawain 1.6

Panuto: Maghanap sa aklat o internet ng kahulugan ng iba't ibang teknikal-bokasyonal na sulatin. Matapos ang makapaghanap, isaayos ang kahulugan nito sa pamamagitan ng isang pangungusap na kahulugan bawat teknikal-bokasyonal na sulatin. Banggitin kung saan kinuha ang kahulugan. (30 minuto)

Manwal _____
Deskripsyon ng produkto _____
Flyer/leaflet at promotional material _____
Liham-pangnegosyo _____
Dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto _____
Feasibility study _____
Naratibong ulat _____
Paunawa/babala/anunsiyo _____
Menu ng pagkain _____
Teknikal-bokasyonal na sulatin _____

Gabay na Tanong:

1. Ano-ano ang mga napunang pagkakatulad ng teknikal-bokasyonal na sulatin? Ipaliwanang.
2. Saan-saang larangan ang mga ito ginagamit?

Isaisip

Gawain 1.7

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat sa sagutang papel ang iyong kasagutan. (15 minuto)

1. Paano nabibigyang-kahulugan ang teknikal-bokasyonal na sulatin?
2. Ano-ano ang mga teknikal at bokasyonal na sulatin at mga kahulugan nito.
3. Bilang propesyonal sa hinaharap, bakit mahalagang magkaroon ka ng kaalaman sa iba't ibang teknikal?

Tayahin

Gawain 1.8

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ito sa iyong sagutang papel. (20 minuto)

1. Inilalahad dito kung ano ang katangi-tangi o kaya nama'y limitasyon ng isang bagay, gayundin kung paano ito gagamitin nang tama.
A. Deskripsyon ng produkto
B. Liham-pangnegosyo
C. Manwal
D. Menu ng pagkain
2. Nakalagay dito ang espesipikong gamit na kinakailangan upang mabuo at magawa ang isang bagay bago ang mga hakbang sa paggawa nito.
A. Deskripsyon ng produkto
B. Dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto
C. Manwal
D. Menu ng pagkain
3. Komprehensibo ang nilalaman nito dahil naglalayon ito ng magpaliwanag at maglahad ng mga impormasyon tungkol sa isang bagay o paksa.
A. Deskripsyon ng produkto
B. Dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto
C. Manwal
D. Menu ng pagkain
4. Kalimitang ginagamit sa korespondensiya at pakikipagkalakalan.
A. Deskripsyon ng produkto
B. Dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto
C. Liham-pangnegosyo
D. Menu ng pagkain
5. Kadalasang nilalaman nito ang mga katanungan at kasagutan hinggil sa produkto o ang mga batayang impormasyong may kinalaman dito.
A. Feasibility study
B. Flyers/leaflets at promotional materials
C. Naratibong ulat
D. Paunawa/babala/anunsiyo
6. Nakatutulong ito upang matiyak ang posibilidad na maisaka tuparan ang isang planong gawain.
A. Feasibility study
B. Flyers/leaflets at promotional materials
C. Naratibong ulat
D. Paunawa/babala/anunsiyo
7. Nilalaman nito ang mga nakamit, napagtagumapayan, gayundin ang nagging kalakasan o kahinaan ng isang ahensiya o samahan.
A. Feasibility study
B. Flyers/leaflets at promotional materials
C. Naratibong ulat
D. Paunawa/babala/anunsiyo
8. Nililikha ang mga ito upang magbigay ng mga tiyak na detalye hinggil sa isang pangyayari.
A. Feasibility study
B. Flyers/leaflets at promotional materials
C. Naratibong ulat
D. Paunawa/babala/anunsiyo
9. Mahalaga ang tiyak at malinaw ang pagkakalahad sa bawat proseso upang masigurado ang tamang timpla, hitsura, at lasa ng luluuin.
A. Feasibility study
B. Flyers/leaflets at promotional materials
C. Menu ng pagkain
D. Resipi
10. Mahalaga dito ang kronolohiya upang higit na makita ang kaisahan, kaugnayan, at lohika ng mga pangyayari.
A. Feasibility study
B. Flyers/leaflets at promotional materials
C. Manwal
D. Naratibong ulat
11. Naglalaman ito ng mga detalyeng maaaring orderin sa mga restaurant o karenderiya.
A. Feasibility study
B. Flyers/leaflets at promotional materials
C. Manwal
D. Menu ng pagkain
12. Ginagamitan ito ng mga pandama upang higit na maipahayag ang paglalarawan sa epektibong paraan.
A. Deskripsyon ng produkto
B. Flyers/leaflets at promotional materials
C. Manwal
D. Paunawa/babala/anunsiyo
13. Mayroon nito ang mga kompanya para sa mga empleyado upang maging malay sa mga alituntunin at iba pang impormasyon.
A. Feasibility study
B. Flyers/leaflets at promotional materials
C. Manwal
D. Paunawa/babala/anunsiyo
14. Ginagamit ito bilang pabatid sa mga okasyon o bilang talaan ng mga impormasyon tungkol sa isang bagong kainan, pasyalan o produkto at iba pang patalastas.

- A. Feasibility study
- B. Flyers/leaflets

- C. Naratibong ulat
- D. Paunawa/babala/anunsiyo

15. Mahalagang magawa ito upang matiyak ang matagumpay na paglulunsad ng isang produkto o serbisyo.

- A. Feasibility study
- B. Flyers/leaflets at promotional materials

- C. Manwal
- D. Paunawa/babala/anunsiyo

V. PAGNINILAY: (5 minuto)

Batay sa gawaing isinagawa kompletuhin ang pahayag sa ibaba bilang dyornal # 1

✓ Naunawaan ko na

✓ Nabatid ko na

Prepared by:

MA. TERESA T. GALVEZ

Teacher, Filipino sa Piling Larang (Tekbok)

Checked by:

MA. ALMA SHEILA O. MANABAT

Subject Specialist, FILIPINO

MA. TERESA T. GALVEZ

Subject Group Head, HUMSS

ZENAIDA P. CRISTOBAL

Academic Coordinator

Noted by:

ROSA T. TAYAMORA

School Head